Unibersidad ng Pilipinas
SENTRO NG WIKANG FILIPINO-UP DILIMAN

GAWAD SALIKSIK-WIKA
(SWF Research Grant)

Kaligiran

Itinadhana sa Saligang Batas ng 1987 na ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Itinakda rin nito na dapat magsagawa ng hakbangin ang pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon.

Bilang tugon sa probisyong pangwika ng saligang Batas, binalangkas at inaprobahan sa Unibersidad ng Pilipinas ang isang *Patakarang Pangwika* na nagtakda na Filipino ang magiging pangunahing wika ng pagtuturo at pananaliksik, at wika ng opisyal na komunikasyon.

Para ganap na maipatupad ang diwa nitong *Patakarang Pangwika*, kailangang linangin pang lalo ang Filipino sa pamamagitan ng pananaliksik. Kabilang sa mga larang ng pananaliksik sa wika na dapat na maisagawa ang sumusunod: saliksik sa gamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo at bilang opisyal na wika; saliksik sa wikang Filipino bilang wika ng karunungan sa iba't ibang disiplina; gramatika at mga diksiyonaryo ng Filipino at iba pang wika sa Pilipinas; pagpapayaman ng Filipino batay sa mga wika sa Pilipinas; estandardisasyon ng Filipino; at pagtanggap sa Filipino sa lahat ng bahagi ng Pilipinas at sa lahat ng sektor ng lipunan. Sa pamamagitan ng pananaliksik sa mga larang na ito inaasahang higit na mabisang magagamit ang Filipino bilang wika ng akademya.

Ang Gawad Saliksik-Wika (SWF Research Grant) ay paggbibigay ng pondo at suporta sa pananaliksik at pagpapalaganap ng resulta ng saliksik na may kinalaman sa wikang Filipino. Ang Gawad ay kompetisyon at ipagkakaloob taon-taon.

Bukas ang gawad na ito sa mga guro at mananaliksik (REPS) ng Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Ang proyekto ng saliksik ay maaaring isagawa ng indibidwal o ng grupo. Ang pagkakaloob ng gawad ay ibabatay sa panukala ng pananaliksik at sa rekord ng mga nagawa na ng proponent. Ang halaga ng gawad ay ibabatay sa panukalang Line Item budyet ng proyekto.

Ang resulta ng pananaliksik ay isasapubliko sa isang forum na itataguyod ng SWF. May karapatan din sa unang paglalathala ng anumang produkto ng pananaliksik ang Sentro ng Wikang Filipino (SWF).

Layunin

Pangkalahatang Layunin:
Magsasagawa ng mga pananaliksik ang mga guro at mananaliksik (REPS) ng Unibersidad ng Pilipinas-Diliman upang makapag-ambag sa pagpapayaman at pagpapalanagap ng wikang Filipino.

Mga Tiyak na Layunin:
1. Magkaloob ng pondo para magsagawa ng mga pananaliksik para sa wikang Filipino
2. Magdaos ng symposium, forum, o kumperensiya sa wika para sa pagpapalanagap ng resulta ng pananaliksik
3. Maglathala ng mga resulta ng pananaliksik para sa mas malawak nitong diseminasyon
4. Makabuo ng korpus ng pananaliksik na makatutulong sa pagpapaunlad ng Filipino bilang wikang panturo at wikang pambansa.

Pagkakalooban ng Gawad

Maaaring mapagkalooban ng gawad ang sinumang regular, full-time na gurong may ranggong Katuwang na Propesor pataas at mananaliksik (REPS) na may ranggong Mananaliksik ng Unibersidad I pataas.

Saklaw at Halaga ng Gawad

Ang gawad ay pantustos sa mga gastusin sa pananaliksik kasama ang honorarium ng (mga) mananaliksik.

Ang tiyak na halaga ng gawad ay mula sa PhP100,000 at Php PhP150,000 maximum na halaga na nakadetalye sa Line Item Budget na nakapaloob sa pormularyo na isusumite ng proponent.

Ang gawad na ipagkakaloob ay ibibigay sa tatlong hati:

- 70% pagkatapos mapirmahan at manotaryo ang Kasunduan;
- 20% pagkatapos maisumite ang unang ulat (progress report) ng proyekto; at
- 10% pagkatapos maisumite ang pinal na kopya ng resulta ng pananaliksik, makapagbigay ng panayam upang maibahagi sa publiko at pumasa ang resulta ng pananaliksik sa blind review ng dalawang referees.

Kahingian

Bawat proponent ay kailangan magsumite ng proposal (pormularyo[*]), at pinakabagong curriculum vitae na may kasamang larawan.

Sa pagtatapos ng pananaliksik, hihilingin sa mananaliksik na magsumite ng kopya ng pinal na ulat pananalisik na nakapasa sa pagsusuri ng dalawang referees at makapagbigay ng panayam tungkol sa resulta ng ginawang pananaliksik na nakasulat sa Filipino.

Proseso

1. Magkakaroon ng panawagan ang Direktor ng SWF para sa pagsusumite ng proposal sa pananaliksik. Ang takdang petsa ng pagsusumite ng proposal ay bukas sa buwan ng Hunyo hanggang Oktubre.

2. Magkaroon ng panel na pangungunahan ng direktor ng Sentro ng Wikang Filipino kasama ang dalawang (2) kinatawan mula sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas at isang kinatawan mula sa Opisina ng Tsanselor.

3. Sinuman sa mga miyembro ng panel ay hindi puwedeng mapagkalooban ng gawad sa taon ng kanilang pagpili.

4. Kapag may napili na, Enero ang pagbibigay ng gawad. Aabisuhan ang mga gagawaran sa pamamagitan ng isang liham mula sa Tanggapan ng SWF.

5. Pipirma ng kontrata at ipanonotaryo bago maibigay ang unang 70%.

6. Sisimulan na ang pananaliksik.

7. Sa kalagitnaan ng proyekto (6 buwan), magsumite ng ulat (komprehensibong ulat) upang makuha ang susunod na 20%.

8. Isusumite sa UP SWF sa Enero ng susunod na taon ang pinal na produkto ng proyekto (e-copy at hard copy) at ipadaan ito sa dalawang referee na pinili ng SWF. Bago maibigay ang huling 10% ng gawad kailangan maiayos ng mananaliksik ang rekomendasyon o mungkahi ng mga tagasuri sa pinal na ulat bago isubmite sa SWF kalakip ang Ulat ng Paggamit ng Pondo (Fund Utilization Report) ng naaprobahang badyet.

9. Magdaraos ang SWF ng serye ng panayam para maibahagi sa publiko ang resulta ng pananaliksik sa kada buwan ng Agosto.

---

[*] Maaaring ma-download ang pormularyo sa UP SWF website: http//:**pages.upd.edu.ph/sentrofilipino**

Pamantayan

Bagaman may kalayaan ang proponent na magpanukala ng anumang proyekto ng pananaliksik na may kaugnayan sa wikang Filipino, binibigyang-diin ang sumusunod na dominyo ng pananaliksik:

- saliksik sa gamit ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo at bilang opisyal na wika;
- saliksik sa wikang Filipino bilang wika ng karunungan sa iba't ibang disiplina;
- gramatika at mga diksiyonaryo ng Filipino at iba pang wika sa Pilipinas;
- pagpapayaman ng Filipino batay sa mga wika sa Pilipinas;
- saliksik sa mga palisi at patakarang pangwika sa Pilipinas;
- Filipino bilang larangan.

Mga Petsang Dapat Tandaan

Pagsusumite ng Proposal:	Hunyo-Oktubre 30, 2015
Pagpapahayag ng mga Gagawaran:	Enero 2016
Pagsusumite ng Pinal na Papel:	Enero 2017
Panayam:	Agosto 2017

Ipadala ang proposal sa:

Direktor
UP Sentro ng Wikang Filipino-Diliman
3/Palapag, Gusaling SURP
E. Jacinto St., UP Campus
Diliman, Lungsod Quezon 1101
Telefax blg. 924-4747
Telepono blg. 426-5838
Trunkline: 981-8500 lok. 4583/4584